## California Attorney General's Office
## Tagalog

**Pangalan ng Kontak:** ______________________________

**Numero ng Telepono:** ______________________________

**Ulat ng Pulisya / Numero ng Kaso:** ______________________

**Mga Tala:** ______________________________________

### Card ng Marsy at mga Tagatulong

Ang Saligang-batas ng California, Artikulo 1, Seskyon 28(b), ay nagkakaloob ng mga partikular na karapatan sa mga biktima ng krimen. Sa mga karapatang ito ay kabilang ang:

1. **Pagiging Makatarungan at Paggalang** – Upang tratuhin nang patas at igalang ang kanyang pagkapribado at dignidad, at upang maging malaya sa pananakot, panliligalig, at pang-aabuso, sa buong proseso ng hustisyang pangkrimen o pangkabataan.
2. **Proteksiyon laban sa Nasasakdal** – Upang makatwirang maprotektahan laban sa nasasakdal at mga taong umaakto para sa nasasakdal.
3. **Mga Isinasaalang-alang sa Kaligtasan ng Biktima sa Pagtatakda ng Piyansa at mga Kondisyon sa Pagpapalaya** – Upang ipasaalang-alang ang kaligtasan ng biktima at ng pamilya ng biktima sa pagtatatag ng halaga ng piyansa at mga kondisyon ng pagpapalabas sa nasasakdal.
4. **Pagpigil sa Pagsisiwalat ng Kompidensiyal na Impormasyon** – Upang pigilan ang pagsisiwalat ng kompidensiyal na impormasyon o mga rekord sa abugado ng nasasakdal, o sinumang ibang tao na umaakto para sa nasasakdal, na maaaring gamitin upang mahanap o magulo ang biktima o pamilya ng biktima o nagsisiwalat ng mga kompidensiyal na komunikasyon na ginawa sa panahon ng paggamot na medikal o pagpapayo, o pribilehiyo o kompidensiyal ayon sa batas.
5. **Pagtanggi na Makapanayam ng Depensa** – Upang tanggihan ang paghiling na panayam, pahayag, o pagtuklas ng nasasakdal, ng abugado ng nasasakdal, o sinumang ibang taong umaakto para sa nasasakdal at upang magtatag ng mga makatwirang kondisyon sa pagsasagawa ng anumang naturang panayam na pumayag ang biktima.
6. **Komperensiya sa Pag-uusig at Paunawa ng Disposisyon Bago ang Paglilitis** – Ang makatwirang paunawa ng at upang makatwirang makipagpulong sa umuusig na ahensiya, pagkatapos hilingin, tungkol sa pag-aresto sa nasasakdal kung alam ng tagausig, ang mga paratang na iniharap, ang pagpapasiya kung kukunin sa ibang lugar ang nasasakdal, at, pagkatapos hilingin, upang bigyan ng paunawa at kaalaman bago ang anumang pagpapasiya sa kaso bago ang paglilitis.
7. **Paunawa ng at Pagharap sa mga Pampublikong Pagdinig** – Sa makatwirang paunawa ng lahat ng mga pampublikong pamamaraan, kabilang ang mga pamamaraan sa pagkadelinkwente, pagkatapos hilingin, kung saan ang nasasakdal at ang tagausig ay karapat-dapat na dumalo at lahat ng mga pamamaraan sa parol o ibang pagpapalabas pagkatapos na mapatunayang nagkasala, at upang dumalo sa lahat ng mga naturang pamamaraan.
8. **Pagharap sa mga Pagdinig sa Hukuman at Pagpapahayag ng mga Pananaw** – Upang marinig, pagkatapos hilingin, sa anumang pamamaraan, kabilang ang anumang pagdinig sa pagkadelinkwente, na nauukol sa desisyon na pagpapalabas pagkatapos maaresto, sagot sa paratang, sentensiya, desisyon sa pagpapalabas pagkatapos mapatunayang nagkasala, o anumang pamamaraan kung saan ang karapatan ng biktima ay isyu.
9. **Mabilis na Paglilitis at Agarang Pagtatapos ng Kaso** – Sa isang mabilis na paglilitis at kaagad na pangwakas na kongklusyon ng kaso at anumang kaugnay na mga pamamaraan pagkatapos ng hatol.
10. **Pagbibigay ng Impormasyon sa Probation Department (Kagawaran ng Probasyon)** – Upang magbigay ng impormasyon sa isang opisyal ng kagawaran ng probasyon na nagsasagawa ng imbestigasyon bago ang sentensiya na nauukol sa epekto ng pagkakasala sa biktima at sa pamilya ng biktima at anumang mga inirerekomendang pagsentensiya bago ang pagsentensiya sa nasasakdal.
11. **Pagtanggap ng Ulat Bago ang Sentensiya** – Upang tumanggap, pagkatapos hilingin, ng ulat bago ang sentensiya kapag makukuha ng nasasakdal, maliban sa mga bahagi na ginawang kompidensiyal ng batas.
12. **Impormasyon Tungkol sa Pagpapatunay ng Pagkakasala, Sentensiya, Pagpapakulong, Pagpapalaya, at Pagtakas** – Upang bigyan ng kaalaman, pagkatapos hilingin, ng napatunayang pagkakasala, sentensiya, lugar at panahon ng pagkulong, o ibang pagpapasiya sa nasasakdal, ang nakatakdang petsa ng pagpapalabas sa nasasakdal, at pagpapalabas o pagtakas ng nasasakdal mula sa kulungan.
13. **Restitusyon**
    A. Matatag na hangarin ng mga Tao ng Estado ng California na ang lahat ng taong dumanas ng pinsala bilang resulta ng krimen ay dapat magkaroon ng karapatan na maghangad at kumuha ng restitusyon mula sa mga taong napatunayang gumawa ng mga krimen dahil sa nagdudulot ng mga pinsala na dinaranas nila.
    B. Ang restitusyon ay dapat iutos mula sa mga taong napatunayang gumawa ng masama sa bawat kaso, anuman ang sentensiya o pagpapasiyang ipinataw, kung saan ang isang biktima ng krimen ay dumanas ng pinsala.
    C. Lahat ng pagbabayad, pera, at ari-ariang nasingil mula sa sinumang tao na inutusan na gumawa ng restitusyon ay dapat na iaplay muna upang bayaran ang mga halagang iniutos bilang restitusyon sa biktima.


California Attorney General's Office
Tagalog

Pangalan ng Kontak: ______________________________

Numero ng Telepono: ______________________________

Ulat ng Pulisya / Numero ng Kaso: ______________________

Mga Tala: ______________________________________

Card ng Marsy at mga Tagatulong

Ang Saligang-batas ng California, Artikulo 1, Seskyon 28(b), ay nagkakaloob ng mga partikular na karapatan sa mga biktima ng krimen. Sa mga karapatang ito ay kabilang ang:

1. Pagiging Makatarungan at Paggalang – Upang tratuhin nang patas at igalang ang kanyang pagkapribado at dignidad, at upang maging malaya sa pananakot, panliligalig, at pang-aabuso, sa buong proseso ng hustisyang pangkrimen o pangkabataan.
2. Proteksiyon laban sa Nasasakdal – Upang makatwirang maprotektahan laban sa nasasakdal at mga taong umaakto para sa nasasakdal.
3. Mga Isinasaalang-alang sa Kaligtasan ng Biktima sa Pagtatakda ng Piyansa at mga Kondisyon sa Pagpapalaya – Upang ipasaalang-alang ang kaligtasan ng biktima at ng pamilya ng biktima sa pagtatatag ng halaga ng piyansa at mga kondisyon ng pagpapalabas sa nasasakdal.
4. Pagpigil sa Pagsisiwalat ng Kompidensiyal na Impormasyon – Upang pigilan ang pagsisiwalat ng kompidensiyal na impormasyon o mga rekord sa abugado ng nasasakdal, o sinumang ibang tao na umaakto para sa nasasakdal, na maaaring gamitin upang mahanap o magulo ang biktima o pamilya ng biktima o nagsisiwalat ng mga kompidensiyal na komunikasyon na ginawa sa panahon ng paggamot na medikal o pagpapayo, o pribilehiyo o kompidensiyal ayon sa batas.
5. Pagtanggi na Makapanayam ng Depensa – Upang tanggihan ang paghiling na panayam, pahayag, o pagtuklas ng nasasakdal, ng abugado ng nasasakdal, o sinumang ibang taong umaakto para sa nasasakdal at upang magtatag ng mga makatwirang kondisyon sa pagsasagawa ng anumang naturang panayam na pumayag ang biktima.
6. Komperensiya sa Pag-uusig at Paunawa ng Disposisyon Bago ang Paglilitis – Ang makatwirang paunawa ng at upang makatwirang makipagpulong sa umuusig na ahensiya, pagkatapos hilingin, tungkol sa pag-aresto sa nasasakdal kung alam ng tagausig, ang mga paratang na iniharap, ang pagpapasiya kung kukunin sa ibang lugar ang nasasakdal, at, pagkatapos hilingin, upang bigyan ng paunawa at kaalaman bago ang anumang pagpapasiya sa kaso bago ang paglilitis.
7. Paunawa ng at Pagharap sa mga Pampublikong Pagdinig – Sa makatwirang paunawa ng lahat ng mga pampublikong pamamaraan, kabilang ang mga pamamaraan sa pagkadelinkwente, pagkatapos hilingin, kung saan ang nasasakdal at ang tagausig ay karapat-dapat na dumalo at lahat ng mga pamamaraan sa parol o ibang pagpapalabas pagkatapos na mapatunayang nagkasala, at upang dumalo sa lahat ng mga naturang pamamaraan.
8. Pagharap sa mga Pagdinig sa Hukuman at Pagpapahayag ng mga Pananaw – Upang marinig, pagkatapos hilingin, sa anumang pamamaraan, kabilang ang anumang pagdinig sa pagkadelinkwente, na nauukol sa desisyon na pagpapalabas pagkatapos maaresto, sagot sa paratang, sentensiya, desisyon sa pagpapalabas pagkatapos mapatunayang nagkasala, o anumang pamamaraan kung saan ang karapatan ng biktima ay isyu.
9. Mabilis na Paglilitis at Agarang Pagtatapos ng Kaso – Sa isang mabilis na paglilitis at kaagad na pangwakas na kongklusyon ng kaso at anumang kaugnay na mga pamamaraan pagkatapos ng hatol.
10. Pagbibigay ng Impormasyon sa Probation Department (Kagawaran ng Probasyon) – Upang magbigay ng impormasyon sa isang opisyal ng kagawaran ng probasyon na nagsasagawa ng imbestigasyon bago ang sentensiya na nauukol sa epekto ng pagkakasala sa biktima at sa pamilya ng biktima at anumang mga inirerekomendang pagsentensiya bago ang pagsentensiya sa nasasakdal.
11. Pagtanggap ng Ulat Bago ang Sentensiya – Upang tumanggap, pagkatapos hilingin, ng ulat bago ang sentensiya kapag makukuha ng nasasakdal, maliban sa mga bahagi na ginawang kompidensiyal ng batas.
12. Impormasyon Tungkol sa Pagpapatunay ng Pagkakasala, Sentensiya, Pagpapakulong, Pagpapalaya, at Pagtakas – Upang bigyan ng kaalaman, pagkatapos hilingin, ng napatunayang pagkakasala, sentensiya, lugar at panahon ng pagkulong, o ibang pagpapasiya sa nasasakdal, ang nakatakdang petsa ng pagpapalabas sa nasasakdal, at pagpapalabas o pagtakas ng nasasakdal mula sa kulungan.
13. Restitusyon
A. Matatag na hangarin ng mga Tao ng Estado ng California na ang lahat ng taong dumanas ng pinsala bilang resulta ng krimen ay dapat magkaroon ng karapatan na maghangad at kumuha ng restitusyon mula sa mga taong napatunayang gumawa ng mga krimen dahil sa nagdudulot ng mga pinsala na dinaranas nila.
B. Ang restitusyon ay dapat iutos mula sa mga taong napatunayang gumawa ng masama sa bawat kaso, anuman ang sentensiya o pagpapasiyang ipinataw, kung saan ang isang biktima ng krimen ay dumanas ng pinsala.
C. Lahat ng pagbabayad, pera, at ari-ariang nasingil mula sa sinumang tao na inutusan na gumawa ng restitusyon ay dapat na iaplay muna upang bayaran ang mga halagang iniutos bilang restitusyon sa biktima.

14. **Ang Agarang Pagsasauli ng Ari-arian** – Sa kaagad na pagbabalik ng ari-arian kapag hindi na kailangan bilang ebidensiya.

15. **Paunawa ng mga Pamamaraan sa Parol at Pagpapalaya sa Pamamagitan ng Parol** – Upang bigyan ng kaalaman ng lahat ng pamamaraan ng parol, upang lumahok sa proseso ng parol, upang magbigay ng impormasyon sa awtoridad sa parol na isasaalang-alang bago ang parol ng nagkasala, at upang bigyan ng paunawa, pagkatapos hilingin, ng parol o ibang pagpapalabas sa nagkasala.

16. **Ang Kaligtasan ng Biktima at Publiko ay mga Isinasaalang-alang sa Pagpapalaya sa Pamamagitan ng Parol** – Upang ipasaalang-alang ang kaligtasan ng biktima, ng pamilya ng biktima, at ang publiko sa pangkalahatan bago gawin ang anumang parol o ibang desisyon na pagpapalabas pagkatapos ng hatol.

17. **Impormasyon Tungkol sa 16 na Karapatang Ito** – Upang bigyan ng kaalaman ng mga karapatan na inihanay sa mga talataan (1) hanggang (16).

**************************************************

## Mga Karagdagang Tagatulong

*Ang Pangkalahatang Abugado ay hindi nagrerekomenda, o may anumang responsibilidad para, o may kontrol sa mga pananaw, serbisyo, at impormasyon ng mga organisasyon at ahensiyang ito.*

**Lupon ng Kabayaran sa Biktima** – Makakatulong sa mga biktima na magbayad para sa: pagpapayo sa kalusugan ng isip, mga gastos sa pagpapalibing, pagkawala ng kita, paglilinis ng pinangyarihan ng krimen, relokasyon, mga singil na medikal at dental. **1-800-777-9229** *www.victims.ca.gov*

**CA Dept. of Corrections and Rehabilitation, OVSRS** – Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa paglaya ng nagkasala, mga kondisyon sa pagpapanumbalik, parol at mga pagdinig sa parol kapag ang nagkasala a nakabilanggo. **1-877-256-6877** *www.cdcr.ca.gov/victim_services*

**McGeorge School of Law –** Victims of Crime Resource Center – Nagkakaloob ng mga tagatulong para sa mga biktima batay sa kanilang heograpikong lugar kasama ng impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga biktima. **1-800-Victims (1-800-842-8467)** *www.1800victims.org*

**National Domestic Violence Hotline** – **1-800-799-7233** *www.thehotline.org*

**Adult Protective Services County Information (Impormasyon ng County sa mga Serbisyong Proteksiyon ng May Sapat na Gulang)** – (Pang-aabuso sa Nakatatanda) 24 na oras na nakahandang mga numero batay sa county sa California. *www.cdss.ca.gov/inforesources/County-APS-Offices*

**National Child Abuse Hotline** – Paggamot at paghadlang sa pang-aabuso sa bata. **1-800-422-4453** *www.childhelp.org*

**Rape, Abuse & Incest National Network** – **1-800-656-4673** *www.rainn.org*

**National Human Trafficking Resource Center Hotline** – 24-na-oras na nakahandang linya: **1-888-373-7888** *www.humantraffickinghotline.org*

**The California Relay Service: Para sa may kapansanan sa pagsasalita, bingi o nahihirapang makarinig na mga tumatawag: Idayal ang 711. TTY/HCO/VCO patungo sa Boses para sa Ingles: 1-800-735-2929 at para sa Kastila: 1-800-855-3000. Boses patungo sa TTY/VCO/HCO para sa Ingles: 1-800-735-2922 at para sa Kastila: 1-800-855-3000. Salita sa Salita – Ingles at Kastila: 1-800-854-7784.**

**Victims' Services Unit ng Pangkalahatang Abugado –** Nagkakaloob ng impormasyon sa mga lokal na biktima/testigo, impormasyon sa tungkol sa tagatulong sa lugar at katayuan sa apela sa mga biktima ng krimen. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa **1-877-433-9069** o bisitahin ang: *www.oag.ca.gov/victimservices*
Para sa impormasyon tungkol sa lokal na Pagtrapiko ng Tao, bisitahin ang: *www.oag.ca.gov/human-trafficking*

**************************************************

*Ang isang 'biktima' ay nilinaw sa ilalim ng Saligang-batas ng California bilang "isang tao na dumaranas ng tuwiran o ibinabantang pinsala ng katawan, isipan, o pananalapi bilang isang resulta ng paggawa o tinangkang paggawa ng isang krimen o delinkwenteng aksyon. Sa katawagang 'biktima' ay kabilang din ang asawa, mga magulang, mga anak, mga kapatid, o tagapangalaga, at kabilang ang isang legal na kinatawan ng isang biktima ng krimen na patay na, isang menor, o walang kakayahan ang katawan o isipan. Sa katawagang 'biktima' ay hindi kabilang ang isang taong nakakulong dahil sa isang pagkakasala, ang akusado, o isang taong ipinasiya ng hukuman na hindi kikilos ng makabubuti sa isang menor na biktima."*
*(Saligang-batas ng Cal., art. I, § 28(e).)*

*Ang isang biktima, ang kinuhang abugado ng isang biktima, isang legal na kinatawan ng biktima, o ng umuusig na abugado sa kahilingan ng biktima, ay maaaring magpatupad ng mga karapatang nasa itaas sa anumang paglilitis o hukuman ng paghahabol na may hurisdiksiyon sa kaso bilang isang karapatan. Ang hukuman ay dapat umaksyon agad sa naturang kahilingan. (Saligang-batas ng Cal., art. I, § 28(c)(1).)*

Funding is made possible through the United States Department of Justice, Victims of Crime Act, 2016-VA-GX-0057



14. **Ang Agarang Pagsasauli ng Ari-arian** – Sa kaagad na pagbabalik ng ari-arian kapag hindi na kailangan bilang ebidensiya.

15. **Paunawa ng mga Pamamaraan sa Parol at Pagpapalaya sa Pamamagitan ng Parol** – Upang bigyan ng kaalaman ng lahat ng pamamaraan ng parol, upang lumahok sa proseso ng parol, upang magbigay ng impormasyon sa awtoridad sa parol na isasaalang-alang bago ang parol ng nagkasala, at upang bigyan ng paunawa, pagkatapos hilingin, ng parol o ibang pagpapalabas sa nagkasala.

16. **Ang Kaligtasan ng Biktima at Publiko ay mga Isinasaalang-alang sa Pagpapalaya sa Pamamagitan ng Parol** – Upang ipasaalang-alang ang kaligtasan ng biktima, ng pamilya ng biktima, at ang publiko sa pangkalahatan bago gawin ang anumang parol o ibang desisyon na pagpapalabas pagkatapos ng hatol.

17. **Impormasyon Tungkol sa 16 na Karapatang Ito** – Upang bigyan ng kaalaman ng mga karapatan na inihanay sa mga talataan (1) hanggang (16).

**************************************************

## Mga Karagdagang Tagatulong

*Ang Pangkalahatang Abugado ay hindi nagrerekomenda, o may anumang responsibilidad para, o may kontrol sa mga pananaw, serbisyo, at impormasyon ng mga organisasyon at ahensiyang ito.*

**Lupon ng Kabayaran sa Biktima** – Makakatulong sa mga biktima na magbayad para sa: pagpapayo sa kalusugan ng isip, mga gastos sa pagpapalibing, pagkawala ng kita, paglilinis ng pinangyarihan ng krimen, relokasyon, mga singil na medikal at dental. **1-800-777-9229** *www.victims.ca.gov*

**CA Dept. of Corrections and Rehabilitation, OVSRS** – Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa paglaya ng nagkasala, mga kondisyon sa pagpapanumbalik, parol at mga pagdinig sa parol kapag ang nagkasala a nakabilanggo. **1-877-256-6877** *www.cdcr.ca.gov/victim_services*

**McGeorge School of Law –** Victims of Crime Resource Center – Nagkakaloob ng mga tagatulong para sa mga biktima batay sa kanilang heograpikong lugar kasama ng impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga biktima. **1-800-Victims (1-800-842-8467)** *www.1800victims.org*

**National Domestic Violence Hotline** – **1-800-799-7233** *www.thehotline.org*

**Adult Protective Services County Information (Impormasyon ng County sa mga Serbisyong Proteksiyon ng May Sapat na Gulang)** – (Pang-aabuso sa Nakatatanda) 24 na oras na nakahandang mga numero batay sa county sa California. *www.cdss.ca.gov/inforesources/County-APS-Offices*

**National Child Abuse Hotline** – Paggamot at paghadlang sa pang-aabuso sa bata. **1-800-422-4453** *www.childhelp.org*

**Rape, Abuse & Incest National Network** – **1-800-656-4673** *www.rainn.org*

**National Human Trafficking Resource Center Hotline** – 24-na-oras na nakahandang linya: **1-888-373-7888** *www.humantraffickinghotline.org*

**The California Relay Service: Para sa may kapansanan sa pagsasalita, bingi o nahihirapang makarinig na mga tumatawag: Idayal ang 711. TTY/HCO/VCO patungo sa Boses para sa Ingles: 1-800-735-2929 at para sa Kastila: 1-800-855-3000. Boses patungo sa TTY/VCO/HCO para sa Ingles: 1-800-735-2922 at para sa Kastila: 1-800-855-3000. Salita sa Salita – Ingles at Kastila: 1-800-854-7784.**

**Victims' Services Unit ng Pangkalahatang Abugado –** Nagkakaloob ng impormasyon sa mga lokal na biktima/testigo, impormasyon sa tungkol sa tagatulong sa lugar at katayuan sa apela sa mga biktima ng krimen. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa **1-877-433-9069** o bisitahin ang: *www.oag.ca.gov/victimservices*
Para sa impormasyon tungkol sa lokal na Pagtrapiko ng Tao, bisitahin ang: *www.oag.ca.gov/human-trafficking*

**************************************************

*Ang isang 'biktima' ay nilinaw sa ilalim ng Saligang-batas ng California bilang "isang tao na dumaranas ng tuwiran o ibinabantang pinsala ng katawan, isipan, o pananalapi bilang isang resulta ng paggawa o tinangkang paggawa ng isang krimen o delinkwenteng aksyon. Sa katawagang 'biktima' ay kabilang din ang asawa, mga magulang, mga anak, mga kapatid, o tagapangalaga, at kabilang ang isang legal na kinatawan ng isang biktima ng krimen na patay na, isang menor, o walang kakayahan ang katawan o isipan. Sa katawagang 'biktima' ay hindi kabilang ang isang taong nakakulong dahil sa isang pagkakasala, ang akusado, o isang taong ipinasiya ng hukuman na hindi kikilos ng makabubuti sa isang menor na biktima."*
*(Saligang-batas ng Cal., art. I, § 28(e).)*

*Ang isang biktima, ang kinuhang abugado ng isang biktima, isang legal na kinatawan ng biktima, o ng umuusig na abugado sa kahilingan ng biktima, ay maaaring magpatupad ng mga karapatang nasa itaas sa anumang paglilitis o hukuman ng paghahabol na may hurisdiksiyon sa kaso bilang isang karapatan. Ang hukuman ay dapat umaksyon agad sa naturang kahilingan. (Saligang-batas ng Cal., art. I, § 28(c)(1).)*

Funding is made possible through the United States Department of Justice, Victims of Crime Act, 2016-VA-GX-0057

**VSU Rev 10/2017**